

KONECRANES®

# ALITUNTUNIN SA PAGGAWI

# Mga Nilalaman


**PAUNANG SALITA NG CEO** 3

**ITURO ANG DAAN** 4
Layunin 5
Mga Pamantayan Namin 6
May Bahagi Tayong Lahat na Ginagampanan 7

**RESPONSIBILIDAD PARA SA MGA TAO AT KAPALIGIRAN** 8
Karapatang Pantao 9
Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay, at Walang Pagkiling 10
Kalusugan at Kaligtasan 11
Pagprotekta sa Data at Privacy 13
Responsibilidad sa Kapaligiran 14

**MAPAGKAKATIWALAANG KASOSYO** 15
Laban sa Katiwalian at Pampadulas 16
Mga Salungatan sa Interes 17
Patas na Kompetisyon 18
Pandaigdigang Kalakalan 19
Customer Namin 21
Supply Chain Namin 22

**ANG KOMPANYA NAMIN** 23
Paggamit ng mga Ari-arian ng Kompanya 24
Cybersecurity 25
Kompidensyal at Intelektwal na Ari-arian 26
Accounting at Pag-uulat ng Pananalapi 27
Komunikasyon sa Labas 28
Impormasyong Nasa Loob 29
Pagpapanatili ng mga Rekord 30

**PAGHAHANAP NG PAYO AT PAG-UULAT NG MGA ALALAHANIN** 31
Mahalaga ang Pagpapahayag ng Opinyon 32
Paano Magsalita ng Opinyon 33




Pabalat: Litrato ni Nguyen Tran sa Unsplash

# Mahal Naming Mga Kasamahan

Ang pagsunod at etikal na paggawi ang bumubuo ng saligan ng lahat ng ating ginagawa. Bilang isang kompanya, nangangako tayong isasagawa natin ang ating negosyo nang may integridad at may mataas na pamantayan sa etika, higit pa sa basta pagsunod lamang sa mga legal na pangangailangan. Ito ang susi sa pagganap at tagumpay natin bilang kompanya.

Ginagabayan ng ating Alituntunin sa Paggawi ang araw-araw nating mga aktibidad sa pamamagitan ng paglalarawan sa ating mga panloob na pamantayan at pamantayan sa etika, pati na rin ang mga legal na obligasyon natin habang isinasagawa ang ating negosyo. Hinihikayat ko ang lahat sa atin na maging pamilyar dito, sapagkat ito ang sumusuporta sa atin na gawin ang tama para sa ating mga customer, supplier, at mga kasamahan. Pakisuyong maging pamilyar sa Alituntunin, intindihin ang nilalaman nito, at ang mga epekto ng hindi pagsunod dito. Kapit ang mga pamantayan sa lahat ng empleyado, direktor, konsultante, ahente, contractor, sub-contractor, at mga yunit ng aming negosyo sa buong mundo. Ikinakapit ang mga ito kasama ng mga batas at regulasyon ng mga hurisdiksyon kung saan tayo nagpapatakbo.

Itinataguyod ko ang delegasyon ng responsibilidad, awtoridad, at pananagutan sa organisasyon, upang maging mas mabilis tayo at makapagdesisyon kaagad para sa ating mga customer. Kaya naman, mas mahalagang magtrabaho tayo nang may pinakamataas na antas ng etika.

May responsibilidad tayong lahat na agad na mag-ulat ng anumang paglabag o posibleng paglabag sa Alituntunin na maaring maganap. Ang pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa mga paksang ito, paglilinaw ng mga tanong, at paglutas ng mga isyu ay mahalaga upang gawing malusog na lugar ng trabaho at maging isang namumukod-tanging pandaigdigang organisasyon ang Konecranes.

Kung mayroon kang mga katanungan, nariyan ang iyong immediate manager para suportahan ka. Maaari mo rin silang kontakin kasama ang ating Mga Opisyal sa Pagsunod at Etika ng Konecranes (Konecranes Compliance & Ethics Officers) o iba pang mga taong tinukoy sa Alituntunin na ito. Dapat lagi kang humingi ng tulong kapag nag-aalinlangan.

**Anders Svensson**
**Presidente at CEO**



# Ituro ang Daan

LAYUNIN NG ALITUNTUNIN
MGA PAMANTAYAN NAMIN
MAY BAHAGI TAYONG LAHAT NA GINAGAMPANAN



# Layunin ng Alituntunin

**Mahalaga ang mga responsableng pamamaraan sa negosyo upang matiyak ang makompetensiyang pagganap at kakayahang kumita.**

Nakabalangkas sa Alituntunin ng Paggawi ng Konecranes ang mga pangunahing kahilingan at tagubilin kung paano namin isinasagawa ang negosyo namin. Kasama ng aming mga patakaran at pamantayan bilang kompanya, ang Alituntunin ay tumutulong sa iyo na magampanan ang trabaho mo nang may etika at sumunod sa mga batas.

Ang aming mga pamantayan ang pangunahing prinsipyo na gumagabay sa aming mga pagpapasiya, asal, at pakikipag-ugnayan sa mga stakeholder sa loob at labas ng kompanya. Itinatakda ng Alituntunin sa Paggawi ng Konecranes ang mga pangunahing patakaran para sa gawain namin.

Inaasam namin ang pinakamataas na etikal na paggawi. Ang Alituntunin sa Paggawi ay naglalarawan ng mga patakaran na itinataguyod namin patungo sa aming mga customer, kasosyo sa negosyo, supplier, sub-contractor, at mga tauhan, pati na rin sa lipunan at sa mga kalakalang pinansiyal sa lahat ng mga bansa kung saan kami may negosyo. Inilalarawan din ng mga prinsipyo ng Alituntunin ang mga inaasahan namin mula sa aming supply chain, at mula sa lahat ng mga kumikilos para sa amin. Itinataguyod ng Konecranes ang sampung prinsipyo ng United Nations Global Compact at ang Panuntunan ng OECD Para sa Multinasyonal na Negosyo (OECD Guidelines for Multinational Enterprises).

Itinataguyod namin ang lubusang pagsunod sa mga naaangkop na batas. Hindi layunin ng Alituntunin na palitan o balewalain ang mga pambansang batas, ngunit dapat lagi itong tingnan bilang ang pangunahing kinakailangan at inaasahan.



# Mga Pamantayan Namin

## INUUNA ANG MGA CUSTOMER

- Bumubuo kami ng mga mapagkakatiwalaang ugnayan at naghahatid ng mga solusyong epektibo sa araw-araw, para matulungang manalo ang mga customer namin. Ganoon lang kasimple.
- Mahalaga ang bawat interaksyon at mahalaga ang bawat detalye. Nakabatay ang aming mga desisyon ayon sa pangangailangan ng mga customer namin: ngayon at bukas.

## GINAGAWA ANG TAMA

- Hindi laging madali ang maging isang responsable at matatag na negosyo, madalas itong nangangailangan ng lakas ng loob. Pero ginagawa namin ito dahil naniniwala kaming ito ang tamang gawin.
- Pinapanatili namin ang aming sarili sa pinakamataas na mga pamantayan sa etika at inaako ang mga pananagutan sa aming mga pagkilos. Naghahatid kami ng ligtas at tiwasay na mga solusyon sa paggamit ng materyales at nagpapangyari ng isang mundo na may mas mababang emisyon ng carbon at mas maayos na sistema ng produksyon.

## NAGSUSUMIKAP PARA SA IKAUUNLAD

- Hindi kami kailanman humihinto sa pagsulong, pag-aaral at pagpapahusay. Determinado kami at nagsusumikap na palaging humanap ng mas mabuting paraan. Ganito talaga kami.
- At sa pamamagitan ng pangunguna sa paggamit ng teknolohiya, kahandaan sa pagbabago at kasanayan sa paglutas ng mga problema, nakakahanap kami ng mga paraan para umunlad sa araw-araw.

## NAGTUTULUNGAN PARA SA TAGUMPAY

- Nagsisimula ang lahat sa aming mga kasama. Isa kaming pangkat na may magkakaibang pinagmulan mula sa buong mundo – nag-aambag ang lahat sa aming pinagsasama-samang tagumpay.
- Higit pa kami sa kabuuang bilang ng aming mga indibidwal na kakayahan – nagtutulungan kami, nagtatagumpay nang magkasama, at palaging sumusuporta sa isa't isa.
- Nagtitiwala kami sa isa't isa na gawin kung ano ang pinakamabuti para sa pangkat.

# May Bahagi Tayong Lahat na Ginagampanan

Pinangangasiwaan ang Konecranes nang may katapatan at alinsunod sa mga patakaran, alituntunin at prinsipyo ng mabuting pamamahala ng korporasyon alinsunod sa pangako ng Konecranes sa mga shareholder, kasosyo, customer, supplier, empleyado at komunidad nito.

Ang Alituntunin sa Paggawi na ito ay inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor ng Konecranes. Batay sa rekomendasyon ng Komite sa Pagsunod at Etika ng Konecranes (Konecranes Compliance & Ethics Committee), rerepasuhin ng Pangkat ng Pamumuno ng Konecranes (Konecranes Leadership Team, KLT) ang Alituntunin na ito nang regular at magmumungkahi ng mga pagbabago sa Alituntunin kapag kinakailangan, para sa pag-apruba ng Komite sa Audit at ng Lupon.

> "Inaasahan na ang bawat empleyado, manager, opisyal, at direktor ng Konecranes, anuman ang kanilang posisyon sa organisasyon, ay magtutulungan na itaguyod at sumunod sa Alituntunin sa Paggawi na ito.

## ANG TUNGKULIN MO

### EMPLEYADO

- Basahin, unawain, at sundin ang Alituntunin sa Paggawi at marami pang paraan detalyadong gabay na ibinigay.
- Kumpletuhin ang kinakailangang mga pagsasanay sa pagsunod.
- Iulat ang mga alalahanin sa pagsunod.

### MANAGER

- Tulungan ang mga empleyado sa pagsunod sa Alituntunin sa Paggawi.
- Siguraduhing makumpleto ng mga empleyado ang mga kinakailangang pagsasanay sa pagsunod.
- Itaguyod ang isang malusog na kultura sa pagsasalita at seryosohin ang lahat ng iniulat na alalahanin sa pagsunod.
- Ipaalam sa Opisyal sa Pagsunod at Etika ang tungkol sa mga iniulat na alalahanin sa pagsunod.
- Manguna sa pamamagitan ng halimbawa: sumunod sa mga panuntunan at alituntunin na itinakda para sa mga empleyado.

### MANAGEMENT

- Tiyakin na ang pagsunod at etikal na mga kasanayan sa negosyo ay nakabaon na sa aming mga paraan ng pagtatrabaho.
- Alamin ang mga kaugnay na bahagi ng panganib sa pagsunod na maaaring makaapekto sa nauugnay na operasyon at gumawa ng mga hakbang at aktibong pamamaraan para mabawasan ang mga naturang panganib.
- Mag-hire at mag-promote ng mga taong kapareho natin ng determinasyon sa integridad.
- Tiyakin na ang lahat ng grupong kompanya at iba pang entidad kung saan nagsasagawa ang Konecranes ng pangangasiwa sa pagkontrol ay sumusunod sa Alituntunin sa Paggawi.



# Responsibilidad para sa mga Tao at Kapaligiran

KARAPATANG PANTAOPAGKAKAIBA-IBA, PAGKAKAPANTAY-PANTAY, AT WALANG PAGKILINGKALUSUGAN AT KALIGTASANPAGPROTEKTA SA DATA AT PRIVACYRESPONSIBILIDAD SA KAPALIGIRAN

# Karapatang Pantao

**Iginagalang ng Konecranes ang karapatang pantao ayon sa itinakda ng Pang-internasyonal na Katipunan ng mga Karapatang Pantao (International Bill of Human Rights) at Deklarasyon sa Mga Pangunahing Prinsipyo at Karapatan sa Trabaho (Declaration on Fundamental Principles and Rights at Work) ng Pandaigdigang Samahan ng Paggawa (International Labour Organization, ILO).**

Itinataguyod namin ang Mga Prinsipyo ng Paggabay sa Negosyo at Mga Karapatang Pantao ng United Nations (United Nations Guiding Principles on Business and Human Rights). Ayon sa mga prinsipyong ito, nagsasagawa kami ng proseso ng due diligence upang matukoy, maiwasan, maibsan, mapagtuunan ng pansin, at kung kinakailangan, ayusin ang mga epekto sa karapatang pantao.

Hindi nagpapakompromiso ang Konecranes sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho at iginagalang ang pagkapribado ng mga empleyado. Hindi namin tinatanggap ang diskriminasyon o ang pagpapatrabaho sa mga bata o sapilitang pagpapatrabaho. Pinananatili ang oras ng trabaho sa loob ng mga legal na limitasyon. Hindi rin tinatanggap ng Grupo ang mga kalagayan sa trabaho na hindi kasundo ng mga internasyonal na batas at mga pamamaraan.

**Mga Pinagkunan:**
Patakaran sa Karapatang Pantao
Fair Labor Frame

Ipinaninindigan ng Konecranes ang kalayaan ng pagkakabahagi sa mga asosasyon at ang epektibong pagkilala sa karapatan na magkaroon ng kolektibong negosasyon. Ipinagbabawal namin ang anumang uri ng pakikialam sa mga unyon ng manggagawa at nagbibigay kami ng impormasyon sa mga kinatawan ng mga unyon para sa makabuluhang negosasyon sa konteksto ng tapat na negosasyon.

Inaasahan namin na ang buong supply chain namin ay magpapatakbo ng kanilang negosyo ayon sa aming mga prinsipyo.

Maaari kang magbasa nang higit pa hinggil sa Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay, at Walang Pagkiling, Pagkapribado, pati na rin sa Kalusugan at Kaligtasan sa mga susunod na bahagi ng Alituntunin.



Litrato ni Ryoji Iwata sa Unsplash

# Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay, at Walang Pagkiling

**Layunin ng Konecranes na lumikha ng kapaligiran sa trabaho na may pagkakaiba-iba at walang kinikilingan, kung saan ang mga tao ay maaaring maging totoo sa sarili nila, makadama na pinagtitiwalaan at pinahahalagahan sa kanilang kontribusyon, at kung saan ang mga tao ay makakadama ng pagiging bahagi ng kompanya.**

Layunin nitong matiyak na ang lahat ay may pagkakataong magtagumpay, na ang kanilang magkakaibang pinanggalingan ay pinahahalagahan, at ang kalakasan ng pagkakaiba-iba ay tinatanggap at ginagamit.

Ang Konecranes ay isang tagapag-empleyo na nagbibigay ng pantay-pantay na oportunidad pagdating sa pagtanggap ng manggagawa at pag-aalok ng mga pamamaraan, benepisyo at sahod. Tinatanggap namin at sinusuportahan ang pagkakaiba-iba sa lahat ng mga pinagmulan at hindi namin tinatanggap ang diskriminasyon laban sa sinuman batay sa, halimbawa, lahi, relihiyon, kulay, kasarian, edad, estado sa buhay, pambansang pinagmulan, oryentasyong sekswal, pagkamamamayan, opinyong pampulitika, pagiging miyembro ng unyon, o kapansanan (kung ang aplikante o empleyado ay may kakayahan na gampanan ang mga pangunahing gawain ng trabaho na may o walang makatuwirang tulong), sa pag-recruit, pag-aalok, pagkakalagay, promosyon, pagtanggal, o anumang iba pang kondisyon ng pagtatrabaho.

**Mga Pinagkunan:**
Pahayag ng Patakaran sa Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay at Walang Pagkiling

- Hindi namin tinatanggap ang paggamit ng wikang may diskriminasyon, pati na rin ang anumang mga pahayag, biro, o kilos na lumilikha o nagpapalaganap ng nakakainsulto o mapanirang kapaligiran sa trabaho.
- Mahigpit naming ipinagbabawal ang anumang uri ng pang-aabuso sa lugar ng trabaho, kasama na ang pang-aabuso sa seksuwal. Kikilos ang Konecranes nang mabilis at naaayon sa sitwasyon upang pigilan at, kung nararapat, parusahan ang mga kilos na maituturing na pang-aabuso. Tumutukoy ang lugar ng trabaho sa anumang lugar kung saan isinasagawa ang negosyo o mga aktibidad kaugnay sa trabaho.
- Mahigpit din naming ipinagbabawal ang anumang kilos na maituturing na moral o pisikal na pang-aabuso, o anumang iba pang uri ng pang-aabuso sa kapangyarihan.




"May karapatan ang bawat empleyado ng Konecranes sa pantay-pantay na oportunidad at pantay-pantay na pagtrato batay sa kakayahan.

# Kalusugan at Kaligtasan

**Sinisikap ng Konecranes na magbigay sa kanyang mga empleyado ng isang kawili-wili, malusog, at ligtas na kapaligiran sa pagtatrabaho at suportahan ang pisikal at mental na kaginhawaan ng mga empleyado.**

Ikinintal sa loob ng Konecranes ang Kalusugan at Kaligtasan sa pamamagitan ng patuloy na pagpapabuti, pagsunod, pandaigdigang kahusayan, at mga inisyatibo na pinangungunahan ng pangangasiwa.

Binubuo namin ang isang malusog, ligtas, at walang panganib na lugar ng trabaho para sa aming mga empleyado, subcontractor, at iba pa na nagtatrabaho sa lahat ng bahagi ng aming organisasyon. Layunin din naming mapanatili ang isang kultura kung saan ang lahat ay nagkakaroon ng pananagutan para sa kalusugan at kaligtasan at sumusuporta sa mentalidad na “Kung makikita mo ito, sa iyo ito.“

Ikinakapit din ng Konecranes ang mga proseso ng paggawa at pagmamanupaktura ng produkto pati na rin ang mga pamamaraan ng katiyakan sa di-nagbabagong kalidad sa layuning mabawasan ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan kaugnay ng paggamit ng kanilang mga produkto at serbisyo.

**Mga Pinagkunan:**
Pahayag ng Patakaran sa Kalusugan at Kaligtasan



# Mga Paggawi na Nagliligtas ng Buhay

**Bago simulan ang anumang trabaho**
Gumugol ng isang sandali, huminto at mag-isip bago mag-umpisa sa trabaho. Kumpletuhin ang pagsusuri sa panganib, at tiyakin na ang lahat ng proteksyon at kontrol ay nasa tamang lugar upang masiguro na makakapagtrabaho nang ligtas ang lahat.

**Pagmamaneho**
Tiyakin na ang sasakyan ay nasa magandang kondisyon. Sumunod sa lahat ng mga batas trapiko, ugaliin ang depensibo at matipid na pagmamaneho.

**Pag-aangat at pagtatali**
Magkaroon ng plano para sa pag-aangat at/o mga espesipikong instruksiyon sa trabaho. Gawin ang pag-aangat at pagtatali gamit ang sertipikadong kagamitan na sinanay kang gamitin. Huwag kailanman maglakad sa ilalim ng nakabiting kargada.

**Makikitid na espasyo**
Huwag kailanman pumasok sa isang makitid na espasyo maliban na lamang kung mayroon kang espesipikong work permit, sinanay, awtorisado na gawin ito, mayroon kang ginawang pre-task rescue plan, at isinagawa ang kinakailangang mga pagsusuri sa kalidad ng hangin.

**Pagtatrabaho sa matataas na lugar**
Gumamit ng mga aerial platform na ginagamit para sa layuning iyon, suriin ang kagamitan bago gamitin. Magsuot ng proteksiyon sa pagbagsak, ihiwalay at markahan ang lugar ng trabaho, at harangan ang paglilipat ng mga kalapit na crane.

**Makinarya**
Ilayo ang mga kamay at braso sa mga umiikot na makinarya at bahaging gumagalaw. Huwag patakbuhin ang kagamitan na may nawawala o nasirang mga interlock o guard. Huwag kailanman balewalain ang mga safety device, gamitin ang tamang mga kasangkapan.

**Pagtatrabaho gamit ang enerhiya**
I-lock Out, I-tag Out, at I-try Out (LOTOTO) ang lahat ng kagamitan bago magsagawa ng anumang trabaho. I-de-energize, i-verify, i-lock out, at i-tag ang pinagmumulan ng enerhiya at suriin sa lugar ng trabaho.

**Mobile equipment**
Huwag patakbuhin ang mobile equipment maliban na lamang kung sinanay ka nang maayos at sertipikado sa partikular na aparato. Manatiling nasa ligtas na distansya mula sa tumatakbong mobile equipment.

**Pagtatrabaho gamit ang iyong mga kamay**
Ilayo ang mga kamay at braso sa mga umiikot na makinarya at bahaging gumagalaw. Huwag patakbuhin ang kagamitan na may nawawala o nasirang mga interlock o guard. Huwag kailanman balewalain ang mga safety device, gamitin ang tamang mga kasangkapan.

**Kalusugan at kaginhawahan**
Alagaan ang sarili mo – mahalaga ang iyong kalusugan at kaginhawahan. Humingi ng tulong nang maaga kung may mga alalahanin ka tungkol sa kalusugan at kaginhawaan. Huwag lampasan ang sinuman o alinman kung nababahala ka. Sa Konecranes, hindi namin tinatanggap ang bullying o ang alinmang anyo ng pang-aabuso.



# Pagprotekta sa Data at Privacy

**Iginagalang ng Konecranes ang privacy at integridad ng kanyang mga stakeholder at empleyado, at itinataguyod ang mataas na antas ng pagprotekta sa data at layunin nitong magpatupad ng mataas na pamantayan sa pagproseso ng personal na impormasyon.**

Nangongolekta lang kami at nag-iimbak ng mga personal na data na kinakailangan para sa epektibong operasyon at mga aktibidad ng negosyo.

Ang lahat ng personal na data na aming kinokolekta at hinahawakan ay dapat na isinasagawa nang patas, legal, at maingat, at sa paraang nagpoprotekta sa kumpidensyalidad at karapatan sa privacy ng aming mga tauhan at iba pang mga indibidwal. Ang lahat ng kinolekta at naprosesong personal na data ay dapat na nauugnay at limitado sa kung ano ang kinakailangan kaugnay ng mga layunin ng negosyo na kung bakit inaasikaso ang mga data. Hindi dapat panatilihin ang personal na data nang higit sa kinakailangan para sa mga layunin na kung bakit inaasikaso ang mga personal na data.


Ang pagprotekta sa data sa Konecranes ay batay at sumusunod sa Pangkalahatang Regulasyon sa Pagprotekta sa Data ng EU (EU General Data Protection Regulation, GDPR) pati na rin sa mga lokal na ipinaiiral na batas.

**Mga Pinagkunan:**
Pagprotekta sa Data at Privacy

## ANG TUNGKULIN MO

**Kung responsable ka sa pagkolekta, pagproseso, o pagpapanatili ng anumang personal na data, o mayroong access sa ganitong mga data:**

- Kolektahin at asikasuhin lamang ang kinakailangang personal na data para sa ating makatarungan at tinukoy na mga layunin sa negosyo.
- Gamitin lamang ang nakolektang personal na data para sa mga layunin at sa saklaw na kinakailangan para sa takdang gawain.
- Huwag ibunyag o ibahagi ang personal na data nang labag sa mga umiiral na batas o mga tagubilin.
- Siguruhing limitado ang access sa personal na data sa mga tauhan na may angkop na awtorisasyon at malinaw na pangangailangan sa negosyo para sa impormasyong iyon.



# Responsibilidad sa Kapaligiran

**Itinataguyod ng Konecranes ang pagbibigay-daan sa isang mundo na may mas mababang emisyon ng carbon at mas maayos na sistema ng produksyon.**

Naaayon ang ambisyon ng Konecranes ukol sa klima sa Paris Agreement, sa paglilimita ng pag-init ng mundo nang 1.5°C. Kailangan nating ikintal ang pananagutan sa kalikasan sa lahat ng ating ginagawa.

**Mga Pinagkunan:**

Pahayag ng Patakaran Tungkol sa Kapaligiran

Mga Paggawi na Nagliligtas ng Planeta

Pahayag Tungkol sa Responsableng Pagkuha ng Mineral

Mga Listahan ng Ipinagbabawal na Substansya

- Nakatuon kami sa pagbibigay ng epektibong solusyon gamit ang mababang antas ng karbon para sa aming mga customer.
- Sa paggawa ng produkto, iniisip namin ang kakayahan sa pagmamantini at pagkukumpuni pati na rin ang pagtitipid sa enerhiya at pagpili ng mga materyales na hindi nakakasama sa kapaligiran.
- Pinapalaganap namin ang konsepto ng maayos na sistema ng produksyon sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa pagpapalakas sa halaga ng siklo ng buhay ng mga produkto at pag-aalis ng dumi sa buong value chain.
- Sa paggawa ng mga desisyon sa pagbili, iniisip namin ang epekto sa kalikasan at naghahanap na pakikipagtulungan sa mga supplier at subcontractor na nakikibahagi sa aming mga ambisyon tungkol sa klima.
- Nagtatrabaho kami para sa responsableng pagkuha ng mga mineral at pagbabawas sa paggamit ng mga mapanganib na substansya.
- Sumusunod kami sa sistematikong mga pamamaraan sa pamamahala ng kalikasan sa aming sariling operasyon na nakatuon sa enerhiya at pagtitipid ng mapagkukunan pati na rin sa kemikal at pamamahala ng dumi, at inaasahan namin ang parehong aspeto mula sa aming mga supplier at subcontractor.

## ANG TUNGKULIN MO

- Unawain ang tungkulin mo sa pagsuporta sa responsibilidad sa kalikasan - kumilos upang bawasan ang negatibong epekto at paramihin ang positibong epekto.
- Isama ang mga pagsasaalang-alang sa kalikasan sa iyong saklaw ng responsibilidad.
- Bawasan ang basura at epekto sa kalikasan sa pamamagitan ng, halimbawa, ng pagsasaalang-alang sa pagtitipid ng mapagkukunan at muling pag-iisip bago magdesisyon na may kinalaman sa paglalakbay sa himpapawid.
- Pangasiwaan at ibsan ang mga panganib sa kalikasan at kumilos ayon sa mga nakikita mo.
- I-ulat ang mga posibleng paglabag sa iyong manager.

# Mapagkakatiwalaang Kasosyo

LABAN SA KATIWALIAN AT PAMPADULAS
NAGKAKASALUNGATANG INTERES
PATAS NA KOMPETISYON
PANDAIGDIGANG KALAKALAN
MGA CUSTOMER NAMIN
SUPPLY CHAIN NAMIN



# Laban sa Katiwalian at Pampadulas

**Itinataguyod ng Konecranes ang paglaban sa korapsyon sa lahat ng anyo nito, kasama ang pangingikil, paglustay, at panunuhol.**

Mahigpit na ipinagbabawal ang pakikisangkot sa anumang tiwaling gawain sa negosyo, at hindi mo kailanman dapat hanapin o tanggapin o ibigay o ialok, direkta o sa pamamagitan ng ikatlong partido, anumang mga suhol, kickback, o iba pang mga hindi wastong bayad. Tumutukoy ang mga hindi wastong bayad sa anumang halaga na ibinibigay na may layuning makakuha o mapanatili ang hindi tamang benepisyo sa negosyo o personal na pakinabang.

Ipinagbabawal ang panunuhol kahit ano pa ang halaga ng benepisyo, ang mga resulta nito, ang mga persepsyon ng lokal na kultura, ang pagtanggap ng mga lokal na awtoridad sa ganitong mga bayad, o ang umano'y kinakailangang bayad para sa negosyo. Ipinagbabawal din ang mga facilitation payment maliban na lamang kung ang pagkakabigong magbigay ng hinihinging bayad ay magdulot ng agarang panganib sa buhay, kalusugan, o kalayaan ng isang tao, tulad ng ipinaliwanag nang mas detalyado sa Patakaran Laban sa Katiwalian.

Hindi tumatanggap ang Konecranes ng partisipasyon o suporta sa ilegal na pagkuha ng pondo sa alinmang sitwasyon.

**Mga Pinagkunan:**

Patakaran Laban sa Katiwalian

Patakaran Tungkol sa Mga Donasyon, Sponsorship at Pakikipagtulungan sa Pagbebenta

MySupport Gifts at Hospitality Portal

**Pagtatrabaho sa mga sales intermediary**

Kasama sa mga operasyon sa negosyo ng Konecranes ang pagsasagawa ng kolaborasyon sa maraming sales intermediary, tulad ng mga sales agent, distributor, consultant, at licensee. Mahalagang matiyak na may integridad ang anumang ganitong mga kasosyo. Kaya naman, dapat lagi kaming magsagawa ng tamang due diligence at background check, at kumuha ng mga kinakailangang internal approval bago makipag-ugnayan sa mga ganitong mga kasosyo. Dapat din naming aktibong subaybayan ang pag-uugali ng kasosyo.

Inaasahan namin na ang aming mga sales intermediary ay magsagawa ng kanilang negosyo ayon sa parehong mga etikal na pamantayan na sinusunod namin sa Konecranes. Mahigpit na ipinagbabawal ang pakikisangkot ng anumang sales intermediary sa anumang tiwaling gawain sa ngalan namin o sa ibang paraan.

## ANG TUNGKULIN MO

**Pakikipag-ugnayan sa mga opisyal ng pamahalaan**

- Mag-ingat lalo na kapag nakikipag-ugnayan at nagtatrabaho sa mga opisyal ng pamahalaan, dahil may mas mahigpit na mga patakaran at regulasyon may kaugnayan sa mga opisyal ng pamahalaan, kasama na ang mga pag-aari ng estado, halimbawa, ukol sa mga regalo at pagpapatuloy, at sa proseso ng bidding.

**Mga regalo at pagpapatuloy**

- Tiyakin na ang anumang pag-aalok o pagtanggap ng mga regalo, pagpapatuloy, o iba pang uri ng kabaitan sa negosyo ay makatarungan, ginagawa nang may katapatan, at ayon sa mga umiiral na batas.
- Sundan ang mga proseso ng Konecranes na may kinalaman sa pag-uulat at paunang pag-apruba bago tumanggap o mag-alok ng mga regalo at pagpapatuloy.
- Laging isaisip ang posibleng maging pananaw ng iba sa regalo at pagpapatuloy.

**Mga Donasyon at sponsorship**

- Kapag gumagawa ng donasyon o sponsorship, gawin ito nang may katapatan at alinsunod sa mga itinakda ng Konecranes na mga patakaran at proseso.
- Huwag magbigay ng kontribusyon sa mga politikal na partido o iba pang politikal na organisasyon.

# Mga Salungatan sa Interes

**Palagi naming inaasahan ang aming mga empleyado na kumilos para sa pinakamahusay na interes ng Konecranes at mga stakeholder ng Konecranes.**

Dapat iwasan ng mga empleyado namin ang mga salungatan sa interes at hindi kailanman gamitin ang kanilang posisyon o ang mga ari-arian ng Konecranes para sa personal na pakinabang. Dapat pagsikapang iwasan ng aming mga empleyado kahit ang pag-aakala ng pagkakasalungatan. Nagkakaroon ng nagkakasalungatang interes kapag ang iyong personal na interes ay nakakagambala sa iyong trabaho sa Konecranes o sa iyong kakayahan na gumawa ng mga desisyon ukol sa tunguhin sa ngalan ng Konecranes.

**Mga Pinagkunan:**
Tagubilin Tungkol sa Mga Salungatan sa Interes
MySupport Conflict-of-Interest Declaration Portal

**Mga halimbawa ng mga pagkakataon kung saan maaaring magkaroon ng aktwal o potensyal na salungatan, at maaaring ipinagbabawal:**

- **Sitwasyon Tungkol sa Regalo at Pagpapatuloy**
  Ang pagbibigay o pagtanggap ng mga regalo o pagpapatuloy, na nakakaapekto o maaaring maunawaan bilang nakakaapekto sa pagpapasya ng tumatanggap upang paboran ang nagbigay sa pamamagitan ng paglikha ng obligasyon sa tumatanggap at ng inaasahan mula sa nagbigay.
- **Sitwasyon ng Kaakibat na Tao**
  Pagbili ng mga serbisyo mula sa isang supplier o subcontractor na pag-aari ng isang miyembro ng pamilya o nagtatrabaho sa parehong reporting line ng isang miyembro ng pamilya.
- **Mga aktibidad sa libreng oras**
  Pagdo-donate o pag-sponsor sa isang sports club kung saan ang tagagawa ng desisyon ay miyembro ng Lupon o kung ang tagagawa ng desisyon ay direkta o hindi direktang nakikinabang sa inisyatiba.
- **Mga oportunidad sa negosyo**
  Pagpapasimula ng isang negosyo na nakikipagkompetensiya sa Konecranes.
- **Mga interes sa pananalapi**
  Pagkakaroon ng mga interes sa pananalapi o benepisyal na pagmamay-ari sa isang supplier o subcontractor ng Konecranes.

## ANG TUNGKULIN MO

**Tanungin ang sarili:**

- Nagiging sagabal ba ito sa ginagawa kong trabaho para sa Konecranes?
- Ginagamit ko ba ang mga kasangkapan ng kompanya, ugnayan, o posisyon ko para sa personal na pakinabang?
- Maaari ba itong magmukhang salungatan sa interes sa paningin ng iba?
- Nakikipagkompitensiya ba ito sa interes ng Konecranes?

**Kung "oo" ang sagot mo sa alinman sa mga tanong na ito:**

- TUMIGIL! Humingi ng gabay mula sa iyong Manager o Opisyal sa Pagsunod at Etika, dahil maaaring kailangan mong isiwalat ang pagkakasalungatan sa pamamagitan ng MySupport Conflict-of-Interest Declaration Portal.

# Patas na Kompetisyon

**Sinusuportahan ng Konecranes at isinusulong ang patas na kompetisyon at itinataguyod ang pagsunod sa alinmang mga umiiral na batas na may kinalaman sa kompetisyon.**

Dapat mong iwasan ang anumang mga gawain na maaaring magdulot ng pag-aalala ukol sa patas na kompetisyon o magdulot ng mga isyu ukol sa batas ng kompetisyon, halimbawa, sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa presyo, mga customer o mga supplier, o iba pang mga katulad na hindi pampublikong impormasyon, sa mga kakompetensiya.

**Mga Pinagkunan:**

Patakaran ng Konecranes sa Kompetisyon

Mga Tagubilin sa Kompetisyon Para sa Pag-subcontract



Litrato ni Silas Baisch sa Unsplash

## ANG TUNGKULIN MO

- Alamin, sundan, at isipin kung sino ang iyong mga kalaban sa negosyo. Dapat isaalang-alang na kakompetensiya ang anumang negosyo na maaaring magpasya na makikipagkompetensiya sa atin sa malapit na hinaharap.
- Huwag talakayin, ipakipag-usap, o makipagpalitan ng sensitibong impormasyon sa sinumang kakompetensiya.
- Huwag pumayag o gumawa ng anumang bagay na maaaring tingnan bilang pagpigil sa kompetisyon.
- Dahil sa ating dual distribution model, tiyaking walang pagpapalitan ng sensitibong impormasyon sa pagitan ng mga channel ng Beta at Alpha, at ang mga partner sa Beta channel at Alpha ay magkakompetensiya sa isa't isa bilang independenteng mga kakompetensiya.
